

## **Ang Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten**

### **Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga**

Minamahal kong mga magulang at tagapag-alaga,

Ang Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten ay gagawin sa ating paaralan sa Term 1.

Ang Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten ay isang pagtatasa na gagawin sa buong estado upang makatulong sa mga guro na malaman ang kakayahan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang ang bawat estudyante sa pagsimula nila sa Kindergarten. Ito ay makakatulong sa mga guro na gumawa ng mga pinakamahusay na planong aralin para makatulong sa pagkatuto ng bawat bata.

Ang mga bata ay pumapasok sa paaralan na may ibat-ibang mga karanasan, kakayahan at kagalingan. Ang ilan ay pamilyar sa mga aklat, maaaring makakilala sa mga letra ng abakada o nakakasulat ng pangalan at magbilang hanggang sampu, habang ang mga iba ay hindi pa natuto sa mga kakayahang ito.

Ang Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten ay nagbibigay sa mga guro ng pagkakataon na makasamang maupo ng sarilinan ang bawat bata, at aalamin ang kayang magawa ng bata.

Ang pagtatasa ay hindi isang pagsusulit ngunit ito ay nagbibigay sa mga guro ng nakakatulong na impormasyon na susuporta sa pagkakatuto ng inyong anak sa paaralan. Kung gusto ninyong alisin ang inyong anak sa pakikisali sa pagtatasa, mangyari pong tumawag lamang sa paaralan.

Ang nakakabit na pahinang pang-impormasyon ay nagbibigay ng dagdag na impormasyon tungkol sa Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten.

Mangyari pong tumawag sa paaralan kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Pagtasa sa Pinakamahusay na Pagsisimula ng Kindergarten.

### **Serbisyo ng Interpreter sa Telepono**

Kung nangangailangan kayo ng tulong ng isang interpreter sa pagtawag sa paaralan, mangyari pong tumawag sa Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng interpreter sa Filipino. Ang interpreter ang tatawag sa paaralan at mananatiling nasa telepono upang matulungan kayo sa pakikipag-usap. Hindi po kayo magbabayad sa serbisyong ito.

Prinsipal

